

THE UNCHANGING PROMISE OF GOD

GALACIA 3:15-18

Mga kapatid, ako ay nagsasalita ayon sa tao, kapag napagtibay na ang tipan ng isang tao, walang makapagdaragdag o makapagpapawalang-bisa nito. ¹⁶Ngayon, ang mga pangako ay ginawa kay Abraham at sa kanyang binhi. Hindi sinasabi, "At sa mga binhi," na tungkol sa marami; kundi tungkol sa iisa, "At sa iyong binhi," na si Cristo. ¹⁷Ito ang ibig kong sabihin: "Ang kautusan, na dumating pagkaraan ng apat na raan at tatlumpung taon, ay hindi nagpapawalang-bisa sa tipan na dati nang pinagtibay ng Diyos, upang pawalang saysay ang pangako. ¹⁸Sapagkat kung ang mana ay sa pamamagitan ng kautusan, ito ay hindi na sa pamamagitan ng pangako, subalit ipinagkaloob ito ng Diyos kay Abraham sa pamamagitan ng pangako.

PANIMULA

1. Ano ang naramdaman mo nang hindi tinupad ng iyong kaibigan o asawa ang kanyang ipinangako?

Tulay sa Pag-aaral: Ang pangako ng tao ay maaaring hindi tuparin, ngunit iba ang pangako ng Diyos. Kapag ang isang taong pinagkakatiwalaan natin ay nabigong tuparin ang pangako niya sa atin, maaaring mawala ang tiwala natin. Ngunit kailanman ay hindi ito mangyayari sa Diyos. Makatitiyak tayo na ang kaligtasan (o pagharap natin nang matuwid sa Diyos) ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo at hindi ng mga gawa ng tao dahil **ang pangako ng Diyos ay nananatili at hindi magbabago**. Ito ang binibigyang-diin ni Pablo sa Galacia 3:15-18.

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang Genesis 12:1-3; 13:14-16; 15:3-6; 22:15-18. Anu-ano ang ipinangako ng Diyos kay Abraham? Isalarawan ang naging tugon ni Abraham dito?
3. Basahin ang Galacia 3:15. Bakit ginamit ni Pablo ang halimbawa ng mga tipan o kasunduan ng tao? Ano ang kinalaman nito sa pagpapatunay

niya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya?

4. Basahin ang verse 17. Ano ang maaaring argumento ng mga "Judaizers" tungkol sa kautusan ni Moises? Paano pinatunayan ni Pablo na hindi nawalan ng bisa ang pangako ng Diyos sa pagdating ng kautusan?
5. Basahin ang Hebreo 6:17-18. Ano ang nais ng Diyos na maging resulta o tugon natin sa pagpapatibay ng kanyang ipinangako? Anu-anong pangyayari sa buhay ang mga nagiging dahilan kung bakit tayo minsan nawawalan ng tiwala sa ipinangako ng Diyos?
6. Basahin ang verse 16. Paano tinupad ng Diyos ang kanyang pangako? Ano ang sinasabi ni Pablo sa mga Judio na nag-aakalang nang ibigay ng Diyos ang kautusan kay Moises ay tapos na ang pangako ng Diyos kay Abraham?
7. Ano ang kahalagahan sa buhay natin na malaman nating ang katuparan ng mga pangako ng Diyos ay nakay Cristo?
8. Basahin ang verse 18. Ano ang kaibahan kung ang "mana" na tatanggapin natin ay sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan sa halip na pagtanggap ng pangako ng Diyos? Ikumpara ang dalawa. Bakit ngayon nais ng Diyos na tanggapin natin ang pangako bilang regalong galing sa kanya sa halip na pagtrabahuhan ito? (Tingnan ang Roma 4:16 at 11:6).
9. Sa mga panahon na pinanghihinaan tayo, paanong ang hindi nagbabagong pangako ng Diyos ang nagiging sandigan natin?
10. Ano sa tingin mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mo bilang tugon sa pag-aaral na ito?